

Maging Handang RedCross

Checklist para sa Kaligtasa sa Ulang may Kulog at Kidlat

Ang ulan na may kulog at kidlat ay tinuturing na matindi kapag ito ay may kasamang yelo na hindi liliit sa 1 pulgada ang diyametro o may ihip ng hangin na hindi babagal sa 58 milya isang oras. Bawat pag-ulan na may kidlat ay nakamamatay ng mahigit na tao bawat tao kaysa sa buhawi o bagyo. Ang malakas na ulan ay maaaring magdulot ng biglaang pagbaha at malalakas na hangin na makakasira ng mga bahay at makakapagbagsak ng mga puno at poste ng utility at magdulot ng malawak na kawalan ng koryente.

Alamin ang Kaibhan

Pagbantay sa Matinding Ulan na may Kulog at Kidlat—Ang matinding mga ulan na may kulog at kidlat ay posible at malapit sa lugar na binabantayan. Manatiling nakakaalam at maging handang gumalaw kung ang matinding ulan na may kulog at kidlat na babala ay ibinigay.

Babala sa Matinding Ulan na may Kulog at Kidlat—Ang matinding panahon ay naulat ng mga spotter o nakakita sa radar. Ang mga babala ay tumutukoy sa paparating na peligro sa buhay at pag-aari.

Bawat taon ang mga tao ay napapatay o malalang napipinsala ng matinding pag-ulan na may kulog at kidlat sa kabila ng naunang babala. Ang iba ay hindi nakarinig ng babala samantalang narinig ng iba ngunit binalewala. Ang sumusunod na impormasyon, sinama sa nasasaoras na pagbantay at babala sa matinding panahon, ay maaaring makatulong na makapagligtas ng mga buhay.

Paano ako makakapaghandang nang maaga?



- Alamin ang sistema para sa babala sa emerhensiya ng inyong lokal na komunidad para sa matinding ulan na may kulog at kidlat.
- Kausapin ang inyong mga miyembro ng tahanan tungkol sa kaligtasan kapag may matinding ulan na may kulog at kidlat.
- Pumili ng ligtas na lugar sa inyong tahanan para puntahan ng lahat ng miyembro kapag may matinding ulan na may kulog at kidlat. Dapat ay malayo ito sa mga bintana, mga skylight at salaming pinto na maaaring mabasag ng malakas ng hangin o hail.
- Maglista ng mga bagay na dadalhin sa loob sakaling may matinding ulan na may kulog at kidlat.
- Putulin at alisin ang mga putol na sanga ng mga puno at palumpong para mas makalaban ito sa hangin.
- Protektahan ang inyong mga hayop sa pamamagitan ng pagsiguro na anumang gusali sa labas ay protektado katulad ng inyong tahanan.
- Konsultahin ang inyong lokal na kagawaran ng sunog kung iniisip mong maglagay ng mga lightning rods.
- Magsanay sa paunang lunas at matutong magresponde sa mga emerhensiya.
- Magbuo ng kit para sa kahandaan sa emerhensiya:
 - Tubig—isang galon bawat tao, bawat araw
 - Pagkain—hindi napapanis, madaling ihanda
 - Flashlight • Radyong de-bateriya o pinipihit ng kamay (NOAA Weather Radio, kung posible)
 - Mga ekstrang bateriya • Kit para sa paunang lunas • Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan • Tool para sa iba't-ibang paggagamitan • Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan • Mga kopya ng personal na dokumento • Mga cell phone na may charger • Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya • Ekstrang pera

Ano ang aking dapat gawin kapag may ulan na may kulog at kidlat?



- Makinig sa lokal na balita o NOAA Weather Radio para sa mga update sa emerhensiya. Magbantay para sa mga senyales ng ulan katulad ng madilim na kalangitan, pagkidlad o lumalakas na hangin.
- Ipagpaliban ang mga aktibidad sa labas kung ang matinding ulan na may kulog at kidlat ay maaaring maganap. Maraming tao na tinamaan ng kidlat ay wala sa lugar kung saan umuulan.
- Kung ang babala sa matinding ulan na may kulog at kidlat ay ibinigay, sumilong sa matibay na gusali o sa behikulo na nakasara ang mga bintana. Lumabas mula sa mga mobile home na maaaring tumaob kapag malakas ang hangin.
- Kung naririnig mo ang kulog, malapit ka sa peligro ng kidlat. Kung umugong ang kulog, pumasok! Nirekomenda ng National Weather Service ang pananatili sa loob nang hindi bababa sa 30 minuto matapos ang huling pagkulong.
- Iwasan ang mga electrical na kagamitan at mga telepono. Sa halip ay gumamit ng mga TV at radyo na de-bateriya.
- Takpan ang mga bintana at sarhan ng husto ang mga panlabas na pintuan. Lumayo mula sa mga bintana.
- Huwag maligo, mag-shower o gumamit ng instalasyon ng tubo.
- Kung nagmamaneho ka, subukang ligtas na umalis sa kalye at huminto. Manatili sa loob ng behikulo at i-on ang mga pang-emerhensiyang flasher ng sasakyan hangga't tumigil ang ulan. Iwasang hipuin ang bakal o mga anumang maaring daanan ng koryente sa loob at labas ng behikulo.
- Kung nasa labas ka at hindi makaabot sa ligtas na gusali, iwasan ang mataas na lupa; tubig; mataas na at mag-isang mga puno; at mga bakal na bagay katulad ng mga bakod o upuan. Ang mga silungan pang-picnic at dugout at HINDI ligtas.

Ano ang aking gagawin matapos ang ulan na may kulog at kidlat?



- Huwag magmaneho sa bahang kalye. Bumalik, huwag malunod!
- Lumayo sa mga lugar na nasira ng matinding ulan na may kulog at kidlat upang iwasan na malagay ang inyong sarili sa peligro mula sa mga epekto ng matinding ulan na may kulog at kidlat.
- Patuloy na makinig sa isang NOAA Weather Radio o sa lokal na istasyon ng radyo at telebisyon para sa bagong impormasyon o tagubilin, dahil ang mga kalye o ilang bahagi ng komunidad ay maaaring barado.
- Tulungan ang mga tao na maaaring kailangan ng espesyal na tulong katulad ng mga sanggol, mga bata at ang matatanda at may kapansanan.
- Lumayo mula sa mga bagsak na linya ng koryente at iulat agad ito.
- Bantayan nang malapitan ang inyong mga hayop. Panatiliin sila sa ilalim ng inyong direktang pamamahala.

Kapag Kumidlat ...

Sundin ang mga hakbang naito kung may natamaan ng kidlat:

- Tumawag ng tulong.** Tumawag sa 9-1-1 o sa lokal na numero ng emerhensiya. Sinomang tinamaan ng kidlat ay mangangailangan ng propesyonal na medikal na pangangalaga.
- Suriin ang tao para sa pagkasunog at ibang pinsala.** Kung huminto sa paghinga ang tao, tumawag sa 9-1-1 at simulan ang CPR. Kung normal nang humihinga ang tao, maghanap ng ibang posibleng pinsala at alagaan sila kung kailangan. Ang mga tao na tinamaan ng kidlat ay walang koryenteng naiwan sa katawan at ligtas na mahahawakan.

Ipaalam sa Inyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng RedCross.org/SafeandWell upang ipaalam sa inyong mga pamilya at mga kaibigan ang inyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang inyong sarili at ang pamilya mo.



American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa RedCross.org.

Karapatang-ari © 2009 ng American National Red Cross